**Pamagat**: Ang Pangangailangan ng Biblical na Kaligtasan

**Texto**: Job 31:3 "Is not destruction to the wicked? and a strange punishment to the workers of iniquity?"
*Pagsasalin*: Hindi ba dumarating ang kapahamakan sa taong masasama, at ang kapahamakan sa mga masasama ang gawa? (Job 31:3)

**Panimula**:

1. Si Job ay gumagawa ng isang taimtim na protesta ng kanyang kalinisang-puri at integridad. Sa liwanag ng isang banal na Dios – ano nga naman ang maasahan ng taong makasalanan?
2. Sa gitna ng kanyang pagiisip at mga salita ay matatagpuan natin ang napaka-importanteng paksa patungkol sa pangangailangan ng tao sa Biblical na kaligtasan.
3. Grasya lamang ng Dios, na binibigyang pansin ng tao ang kalagayan ng kanyang kaluluwa, at nawa ngayon, kaibigan, bigyan mo ng pansin ang kalagayan ng iyong kaluluwa.

**I. Ang Tao ay Nangangailangan ng Kaligtasan Sapagkat Siya ay Makasalanang Tao**.

a. **Siya ay likas na makasalanan**. (Rom. 5:12) - Sa kadahilanang ito, sa pamamagitan ng isang tao, pumasok ang kasalanan sa sanglibutan. Dahil sa kasalanan nagkaroon ng kamatayan at ang kamatayan ay dumating sa lahat ng tao sapagkat nagkasala ang lahat. (tingan ang v.19).
b. **Siya ay makasalanan sa kanyang pag-uugali o gawa**. (Rom. 1:21) - Ito ay sapagkat kahit kilala na nila ang Diyos, hindi nila siya niluwalhati bilang Diyos, ni nagpasalamat sa kaniya. Sa halip, ang kanilang pag-iisip ay naging walang kabuluhan at ang mga puso nilang hindi nakakaunawa ay napuno ng kadiliman.

**II. Ang Tao ay Nangangailangan ng Kaligtasan Sapagkat Siya ay Alipin ng Kasalanan**.

a. Ang lahat ng tao ay nasa ilalim ng kasalanan. (Rom. 3:9b).
b. "alipin ng kasalanan" (Rom. 6:17a).
c. Alipin sa kapangyarihan ni Satanas, sa kamunduhan, at sa sariling pita ng laman.

**III. Ang Tao ay Nangangailangan ng Kaligtasan Sapagkat Siya ay Sumasailalim sa Hatol ng Dios**.

a. "Kaya nga, sa pagsalangsang ng isang tao, napasalahat ng tao ang kaparusahan." (Rom. 5:18a).
b. "Ngayon, nahayag mula sa langit ang galit ng Diyos laban sa lahat ng kawalang pagkilala sa Diyos at hindi pagiging matuwid ng mga tao. Kanilang pinipigil ang katotohanan sa pamamagitan ng kanilang hindi pagiging matuwid." (Rom. 1:18).

**IV. Ang Tao ay Nangangailangan ng Kaligtasan Sapagkat Siya ay Patay sa mga Espirituwal na Bagay na patungkol sa Dios**.

a. (Rom. 1:21-23) Ito ay sapagkat kahit kilala na nila ang Diyos, hindi nila siya niluwalhati bilang Diyos, ni nagpasalamat sa kaniya. Sa halip, ang kanilang pag-iisip ay naging walang kabuluhan at ang mga puso nilang hindi nakakaunawa ay napuno ng kadiliman. (v. 22) Sa pagsasabi nilang sila ay matatalino, sila ay naging mga mangmang. (v. 23) Ang kaluwalhatian ng Diyos na walang kabulukan ay pinalitan nila ng tulad ng anyo ng taong may kabulukan. At ng mga anyo ng mga ibon, ng mga hayop na may apat na paa at ng mga hayop na gumagapang.
b. Likas sa tao ang hindi nagbibigay pansin sa Dios – walang pag-tugon sa Dios.
c. Pero sa pita ng Laman, sa impluwensa ni Satanas, at sa paanyaya ng mundo – ang hindi ligtas ay sumasama dito.

**V. Ang Tao ay Nangangailangan ng Kaligtasan Sapagkat Siya ay Nawawala**.

a. Ang lahat ay lumihis ng daan – Rom. 3:12.
b. Para tayong mga tupa na naligaw, tumungo tayo sa sarili nating daan (cf. Isa. 53:6).
c. Hindi tayo nanatili sa original intention or "Creation of God." (layunin ng Dios).

**VI. Ang Tao ay Nangangailangan ng Kaligtasan Sapagkat Siya Walang Kapangyarihan upang Iligtas Niya ang Kanyang Sarili**. (Rom. 5:6) - Ito ay sapagkat nang tayo ay mahina pa si Jesus ay namatay sa takdang panahon para sa mga hindi kumikilala sa Diyos. – Kailangan natin ng isang Tagapagligtas! Si Jesu-Cristo ang ating Tagapagligtas. Kaya ito magandang balita – tanggapin Siya at bibigyan ka niya ng kapatawaran at kalayaan sa husga at kasamaan ng kasalanan. AMEN!